

# Bakit Maraming Mata Si Pina?

Sa paanan ng Bundok ng San Cristobal, nakatira ang mag-asawang Pablo at Pacita. Masipag at matiyaga ang mag-asawa. Pagtanim ng mga gulay at prutas ang hanapbuhay nila. May isa silang anak na si Pina.

Mahilig sa laro si Pina. Maghapon siya sa parang at nanghuhuli ng mga kulisap. Tuwang tuwa siya na iba't ibang kulisap ang naiipon niya sa lalagyang plastik na inuwi niya. Hindi siya tumutulong sa mga magulang.

Isang umaga, napansin ni Pina na nakahiga pa ang ina, balot ng kumot at tila giniginaw. Pumunta siya sa kusina at kinain ang lugaw na nasa mesa. Lalabas na sana siya para maglaro nang marinig niya ang ina.

“Anak, maaari bang isandok mo ako ng lugaw?”

“Nanay, hindi ko po makita ang sandok, “mabilis niyang sagot. Inutos ni Aling Pacita na maghanap siyang mabuti, gamit ang mga mata. Napilitang bumalik si Pina at naghanap. Padabog niyang ibinigay ang



lugaw sa ina at nagmamadali na sanang aalis.

Parating naman ang kanyang ama mula sa pagpapastol ng kalabaw. Nag-utos si Mang Pablo kay Pina, "Anak, hanapin mo nga ang itak ko at mag-aani ako ng gulay maya-maya." Agad sumagot si Pina na hindi niya ito makita. Inulit ni Mang Pablo na maghanap na mabuti at gamitin ang mga mata. Hindi niya sinunod ang ama at agad nagsabing hindi niya talaga ito makita.

Isang gabi, may paparating na malakas na bagyo. Lumalakas na ang ulan at hangin na may kasamang kidlat at kulog. Naghanda na ang mag-asawa.

"Pina, hanapin mo ang mahabang lubid. Itatali ko ang kalabaw at ang bubong para hindi matangay ng hangin." Utos ni Mang Pablo.

Agad na namang sumagot si Pina. "Tatang, hindi ko po makita."

Inulit ni Mang Pablo ang utos. Abalang- abala silang mag-asawa sa pag-aayos ng mga gamit. Hindi pa rin nagagawa ni Pina ang utos ng ama. Paulit-ulit niyang sinasabing hindi niya makita ang lubid.

Pinuntahan ni Mang Pablo ang anak at nagalit sa nakita niya. Balot na balot ng kumot si Pina at nakatakip ang mga kamay sa tenga. Sumunod si Aling Pacita at sa galit niya sa nakita ay nagsabing "Napakatamad mo Pina, tubuan ka sana ng napakaraming mata!" Kumulog at kumidlat pagkasabi ni Aling Pacita nito.



Nagmamadaling bumalik ang mag-asawa sa ginagawa nila. Naiwang nakahiga pa rin si Pina na parang walang narinig.

Noong umaga, madilim pa rin ang langit ngunit humina na ang hangin. Natumba ang ilang pananim at puno. Mabilis na inayos ng mag-asawa ang maaari pa nilang pakinabangan. Tinawag ni Aling Pacita si Pina para tumulong ngunit hindi sumagot ang anak. Pumunta siya sa silid ngunit wala rin doon si Pina. Naghanap ang mag-asawa at nagtanong –tanong ngunit walang nakakita kay Pina. Hindi na nila nakita ang anak mula noon at labis silang nalungkot.

Isang araw, napansin ni Aling Pacita ang isang halamang may mga dahong mahaba at matulis. Araw-araw niya itong dinilig at di nagtagal ay may bunga na.

Nang tingnan niya itong mabuti, nakita niyang puno ito ng mga bilog na tila mga mata. Naisip niya ang anak at napaiyak siya. Ito na marahil ang nawala nilang anak. Tinawag nilang Pina ang halaman. Paglipas ng panahon, tinawag na ito ng mga taga-Laguna na "Pinya."

